

Suportang kabayaran para sa pagpapasuri at pagbubukod

Kahit na banayad lamang ang iyong mga sintomas ng COVID-19, mangyaring magpasuri at magbukod hanggang makatanggap ka ng negatibong resulta.

Maaaring marapat ka para sa suporta kung ikaw ay nakatira o nagtatrabaho sa isa sa mga inaalalang suburbiya o lugar ng pamahalaang lokal (LGAs) sa Kalakhang Sydney.

Ang kailangan mong malaman:

<p>Ano ang suportang kabayaran para sa Pagpapasuri at Pagbubukod?</p>	<p>May makukuhang \$320 na kabayaran minsan kada 30 araw para sa mga tao na hindi kumikita sa trabaho habang naghahintay para sa mga resulta ng pagsusuri para sa COVID-19. Kabilang dito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga manggagawa na may 17 taong gulang pataas na may mga sintomas ng COVID-19 • Mga tagapag-alaga o mga guardian ng isang may mga sintomas ng COVID-19. 		
<p>Aling mga LGAs o suburbiya ang marapat (eligible)?</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Bayside • Blacktown • Burwood • Campbelltown • Canterbury-Bankstown 	<ul style="list-style-type: none"> • Cumberland • Fairfield • Georges River • Liverpool • Parramatta • Strathfield 	<ul style="list-style-type: none"> • Mga suburbiya ng Penrith: Caddens, Claremont Meadows, Colyton, Erskine Park, Kemps Creek, Kingswood, Mount Vernon, Orchard Hills, Oxley Park, St Clair, St Marys at St Marys North.
<p>Hindi ka marapat kung ikaw ay:</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Makakapagtrabaho mula sa bahay o kumikita sa panahon ng pagbubukod ng sarili • May makukuha na bakasyon sa pagkakasakit (sick leave), bakasyon ng tagapag-alaga (care’s leave) o natatanging bakasyon dahil sa pandemya (special pandemic leave) • Tumatanggap ng suportang kita mula sa pamahalaan kabilang ang COVID-19 Disaster Payment o Pandemic Leave Disaster Payment • Tumatanggap ng suportang pinansyal mula sa pamahalaan gaya ng micro-business grant o kabayang JobSaver • Inatasan ng NSW Health na magpasuri at magbukod (gayunpaman, maaaring marapat ka para sa COVID-19 Disaster Payment) • Mayroon lang rapid antigen na pagsusuri • Isang awtorisadong manggagawa na nakatira sa isang inaalalang LGA at inatasan na magpasuri kada ikatlong araw. 		
<p>Ang kailangan mo para makapag-aplay:</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Isang account ng MyServiceNSW – maaari kang lumikha nito kapag inumpisahan mo ang iyong aplikasyon • Mga detalye ng oras, petsa, at lugar ng iyong pagsusuri ng COVID-19 (kabilang ang numero ng sanggunian o reference number) • Isang dokumento na patunay ng pagkakakilanlan gaya ng iyong Lisensya sa pagmamaneho sa Australya o pasaporte • Patunay ng address gaya ng kasunduan sa pangungupahan o singil sa kuryente o tubig (utility bill) • Patunay ng pagtatrabaho o sariling pagtatrabaho (self-employment) gaya ng payslip, kontrata o liham mula sa tagapag-empleyo • Mga detalye ng iyong account sa bangko para sa kabayaran. 		

COVID-19

Suportang kabayaran para sa pagpapasuri at pagbubukod

Ang kailangan mong malaman:

Kailan mo makukuha ang iyong kabayaran?

Ang mga marapat na mangagagawa ay babayaran ng \$320 sa kanilang account sa bangko sa loob ng tatlong araw ng opisina ng kanilang aplikasyon. Dapat kang mag-aplay sa loob ng pitong araw ng pagpapasuri para sa COVID-19.

Paano ka mag-aaplay?

Upang mag-aplay at para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang service.nsw.gov.au
Kung kailangan mo ng tulong ng interpreter, mangyaring tawagan ang National Translating and Interpreting Service sa 131 450, at hilingan silang makipag-ugnay sa Service NSW.

> TULUNGAN KAMING PIGILAN ANG PAGLAGANAP

